**MAHALAGA SA AMIN ANG PROTEKSYON NG DATA**

**Patakaran sa Privacy para sa www.info.lidl**

Salamat sa iyong interes sa proteksyong ng data sa Lidl Stiftung & Co. KG (simula dito ay "Lidl", "kami", "namin"). Nais namin sa Lidl na maramdaman mo ang kapanatagan at ligtas kapag binisita mo ang aming website, at malaman na isa sa mga bagay na nagpapahiwalay sa amin ay ang aming pangako sa pagprotekta sa data ng aming mga customer.

Ang sumusunod na patakaran sa privacy ay nagsasabi sa iyo kung paano at hanggtng saan napoproseso ang iyong personal na data kapag binibisita mo ang website na www.info.lidl at ang ugnayan sa aming mga naka-kontratang supplier at producer at iba pang partido na may kinalaman sa mga daloy ng supply ng mga suppleir ng aming pagkain at hindi-pagkain. Ang personal na data ay ang impormasyon na tumutukoy sa iyo o maaaring tumukoy sa iyo nang direkta o hindi direkta. Ang legal na batayan para sa proteksyon ng data ay, sa partikular, ang General Data Protection Regulation (GDPR) ng EU.

## I. Pangkalahatang Pananaw

Ang pagpoproseso ng data ng Lidl Stiftung & Co. KG ay maaaring mahati sa dalawang kategorya:

- Kapag ina-access mo ang website, nagpapalitan ng iba't ibang impormasyon sa pagitan ng iyong end device at ng aming server. Maaaring kasama rin dito ang personal na impormasyon. Ang nakolektang impormasyon sa paraang ito ay ginagamit para i-optimize ang aming website o, kung ibinigay mo ang iyong pahintulot na gawin ito, para analisahin ang iyong ginagawa sa aming website.
- Para sa mga layunin ng pagiging transparent sa daloy ng supply, inilalathala namin sa www.info.lidl ang mga daloy ng supply ng kontrakwal na ka-partner ng Lidl Stiftung & Co. KG hanggang sa mga producer at/o iba pang partido na may kinalaman sa mga daloy ng supply ng mga supplier ng aming pagkain at hindi-pagkain. Ang nakilektang impormasyon para sa layuning ito ay maaaring maglaman ng personal na data.

## II. Pag-access sa aming website

Mga layunin ng pagpoproseso/mga legal na batayan:

Kapag ina-access ang aming website, ipapadala ng browser na ginamit sa iyong end device – awtomatiko at walang kang anumang gagawin –

- ang IP address ng nag-a-access na device na naka-enable sa Internet;
- ang petsa at oras ng pag-access;
- ang pangalan at URL ng hiniling na file;
- ang website/application kung saan nangyari ang pag-access (URL ng referrer);
- ang browser at, kung saan nauugnay, ang operating system ng iyong computer na naka-enable sa Internet pati na rin ang pangalan ng iyong access provider

sa server ng aming website at pansamantalang iiimbak sa tinatawag na log-file para sa mga sumusunod na layunin:

- para matiyak ang isang koneksyon na walang pagkakamali;

- upang matiyak ang pagiging madaling gamitin ng aming website/application;
- para analisahin ang seguridad at katatagan ng sistema.

Ang legal na batayan para sa pagpoproseso ng nakalistang data ay Artikulo 6(1)(f) ng GDPR. Ang mga layunin ng pagpoproseso ng data na nakalista sa itaas ay bumubuo sa aming lehitimong interes.

Mga tatanggap/mga kategorya ng tatanggap:

Kaugnay ng nabanggit na pagpoproseso, ang iyong data ay ipoproseso din sa ngalan namin ng mga processor sa sektor ng IT na nagho-host ng mga serbisyo. Ang ganitong mga processor ay maingat na pinipili, ina-audit namin at sakop ng kontrata alinsunod sa Artikulo 28 ng GDPR.

Panahon ng pag-iimbak/mga pamantayan sa pagtukoy ng panahon ng pag-iimbak:

Ang data ay iimbak sa loob ng pitong araw at awtomatikong ide-delete pagkatapos.

**III. Paglathala ng mga daloy ng supply**

Ang mga layunin ng pagpoproseso/legal na batayan

Kinokolekta at pinoproseso namin ang iyong personal na data upang mailathala namin ang mga daloy ng aming supply, mula sa kontrakwal na ka-partner hanggang sa producer, sa aming website na www.info.lidl. Pinoproseso lamang namin ang mga detalye ng pangalan at address na iyong isiniwalat sa isa sa aming hindi direkta o direktang mga supplier sa konteksto ng isang umiiral na kasunduan sa supply sa pagitan mo at ng supplier na iyon. Ang paglathala ng mga daloy ng supply ay nagsisilbi para matupad ang mga lehitimong interes alinsunod sa Artikulo 6(1)(f) ng GDPR. Ang kakayahang mag-alok sa mga consumer ng pagiging transparent na komprehensibo tungkol sa daloy ng aming supply ay itinuturing na isang lehitimong interes ayon kahulugan ng probisyong iyon. Kasunod ng pagtimbang sa mga interes na ito, hindi ipinapalagay na sinasalungat ang mga interes na ito ng mga nangingibabaw na interes. Ang data ay hayagang hindi pinoproseso para sa anumang iba pang layunin.

**Maaari kang tumutol sa pagpoproseso ng data para sa mga nabanggit na layunin anumang oras nang walang bayad na may bisa sa hinaharap. Maaari mong gawin ito, halimbawa, sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang e-mail sa kontak na nakasaad sa sugnay VII. 9.**

Mga tatanggap/mga kategorya ng tatanggap:

Upang matupad at mapangalagaan ang mga lihitimong interes na ito, inilalathala ang iyong data sa www.info.lidl at maaari ding ma-access sa mga ikatlong bansa (tingnan ang sugnay VI). Sa loob ng aming kumpanya, ang access sa iyong data ay ibibigay sa mga departamentong iyon na nangangailangan ng naturang data para sa mga layunin ng mga lehitimong interes.

Panahon ng pag-iimbak/mga pamantayan sa pagtukoy ng panahon ng pag-iimbak:

Ang mga daloy ng supply na inilathala sa website na ito, pati na rin ang personal na data na nauugnay sa mga ito, ay ina-update taun-taon.

Ang iyong personal na data ay iiimbak hangga't kailangan para sa pagtupad sa mga layuning nabanggit sa itaas. Sa ilang sitwasyon, ang data ay maiimbak sa aming drive hanggang 10 taon upang bigyang daan kami na masubaybayan ang paggamit.

## IV. Paggamit ng cookies at iba pang katulad na teknolohiya para iproseso ang data ng paggamit

Mga layunin ng pagpoproseso/mga legal na batayan:

Kami, Lidl Stiftung & Co. KG, Stiftsbergstraße 1, 74172 Neckarsulm, Germany, ang tagapamahala patungkol sa pagproseso ng data na may kaugnayan sa paggamit ng "**cookies**" at iba pang **katulad na teknolohiya para iproseso ang data ng paggamit** sa lahat ng (sub-)domain sa https://info.lidl.

Ang mga cookies ay mga maliliit na text file na iniimbak sa iyong end device (laptop, tablet, smartphone, atbp.) kapag bumibisita ka sa aming website. Ang mga cookies ay hindi nagdudulot ng anumang pinsala sa iyong end device, o kaya ay nagtataglay ng anumang virus, trojan, o iba pang malware. Ang cookie ay nag-iimbak ng ilang impormasyon na nagreresulta na may kaugnayan sa partikular na end device na naka-deploy. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na agad naming malalaman ang iyong pagkakakilanlan.

Ang cookies at ang iba pang mga teknolohiyang ginagamit upang iproseso ang data ng paggamit ay idini-deploy para sa mga sumusunod na layunin, depende sa mga kategorya ng cookie/iba pang mga teknolohiya:

- **Teknikal na kailangan**: ito ay cookies at mga katulad na teknolohiya na kung wala ito ay hindi mo magagamit ang aming mga serbisyo (hal., para sa tamang pag-display ng aming website/mga function na hiniling mo, atbp.).
- **Mga kagustuhan:** gamit ang mga pamamaraang ito, maaari naming isaalang-alang ang iyong mga aktwal o inaakalang kagustuhan para mapabuti ang karanasan ng user. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong mga setting para i-display ang aming website sa isang wikang nauugnay sa iyo.
- **Mga statistic**: nagbibigay-daan sa amin ang mga teknolohiyang ito para maiangkop ang disenyo ng aming mga serbisyo sa pamamagitan ng paggawa ng mga naka-anonymize na statistic tungkol sa kung paano ginagamit ang mga ito. Halimbawa, maaari naming gamitin ang mga ito para matukoy kung paano mas mahusay na iakma ang aming website sa mga gawi ng user.

Para sa pangkalahatang-ideya ng cookies at iba pang mga teknolohiyang ginagamit namin, kabilang ang kaukulang mga layunin ng pagpoproseso, mga panahon ng pag-iimbak at anumang mga ikatlong partidong provider na may kinalaman, tingnan ang aming na cookie policy.

Depende sa layunin, ang paggamit ng cookies at mga katulad na teknolohiya para iproseso ang data ng paggamit ay kinabibilangan ng pagpoproseso ng mga sumusunod na uri ng partikular na personal na data:

**Teknikal na kailangan:**

- mga input ng user para iimbak ang katayuan sa pahintulot ng user para sa kasalukuyang domain (hal. pahintulot ng cookie)
- mga kaganapang may kaugnayan sa seguridad (hal., pagtukoy sa mga paulit-ulit na nabigong pagtatangka sa pag-sign in);
- data para i-play muli ang multimedia content (hal., pagpe-play ng (produkto) mga video na pinili mo).

**Mga kagustuhan:**

- Mga setting para i-customize ang interface ng user (hal., pagpili ng gustong wika)

**Mga statistic:**

- Naka-pseudonymize na mga profile ng paggamit na naglalaman ng impormasyon sa paggamit ng website. Partikular na naglalaman ang mga ito ng:
    - uri ng browser/bersyon ng browser;
    - ginagamit na operating system;
    - ginagamit na device;
    - URL ng referrer (ibig sabihin, ang page na binisita dati)
    - pangalan ng host ng uma-access na computer (IP address);
    - oras ng kahilingan ng server;
    - indibidwal na ID ng user; at
    - mga kaganapan na nagsimula sa website (gawi sa pagba-browse sa web).
- Ang IP address ay regular na naka-anonymize, na sa prinsipyo ay nangangahulugan na hindi ka na posibleng makilala.

Ang legal na batayan para sa paggamit ng kagustuhan at mga statistic na cookies ay ang ibinigay mong pahintulot alinsunod sa Artikulo 6(1)(a) ng GDPR. Ang legal na batayan para sa paggamit ng teknikal na kailangan na cookies at ang Artikulo 6(1)(f) ng GDPR dahil mayroon kaming lihitimong interes sa pag-aalok sa iyo ng isang magagamit na website.

**Maaari mong bawiin/baguhin ang iyong pahintulot anumang oras na may bisa sa hinaharap nang hindi nito naaapektuhan ang pagiging legal ng pagpoproseso batay sa pahintulot bago ang pagbawi nito. I-click dito para makapili ka.**

Mga tatanggap/mga kategorya ng tatanggap:

Kapag gumagamit ng cookies at mga katulad na teknolohiya para iproseso ang data ng paggamit, maaari naming paminsan-minsang panatilihin ang mga dalubhasang service provider para iproseso ng data Pinoproseso nila ang iyong data sa ngalan namin bilang mga processor. Ang bawat isa ay maingat na pinili at sakop ng kontrata alinsunod sa Artikulo 28 ng GDPR. Ang lahat ng kumpanyang nakalista bilang mga service provider sa aming patakaran sa cookie ay kumikilos bilang mga processor sa ngalan namin.

Sa konteksto ng aming kooperasyon sa Google LLC, ang nabanggit na data ay karaniwang pinoproseso din para sa mga layuning pang-statistic sa mga server na matatagpuan sa U.S.

Panahon ng pag-iimbak/mga pamantayan sa pagtukoy ng panahon ng pag-iimbak:

Para sa impormasyon sa panahon ng pag-iimbak sa cookies, tingnan ang aming patakaran sa cookie. Kung ipinasok ang "nananatili" sa column ng "pag-expire", hanggang sa mabawi ang kaukulang pahintulot.

**V. Customer service**

Mga layunin ng pagpoproseso/mga legal na batayan:

Tinatrato namin ang lahat ng personal na data na ibinibigay mo sa amin sa contact form, sa pamamagitan ng telepono, e-mail o sa pamamagitan ng social media (hal., kapag kinontak mo ang customer service) nang kumpidensyal. Ginagamit namin ang iyong data para lamang sa limitadong

layunin ng pagproseso ng iyong katanungan. Ang legal na batayan para sa pagpoproseso ng data ay ang Artikulo 6(1)(f) at Artikulo 6(1)(b) ng GDPR. Ang aming ibinahaging (lehitimong) interes sa pagpoproseso ng data na ito ay nagmumula sa layunin ng pagsagot sa anumang mga katanungan at paglutas sa anumang mga isyu na maaaring mayroon ka at sa gayon ay matiyak at mapabuti ang iyong antas ng kasiyahan bilang isang customer o iba pang user ng aming website.

Mga tatanggap/mga kategorya ng tatanggap:

Kapag tumutugon sa iyong mga kahilingan, magkakaroon din kami ng mga processor na dalubhasa sa customer service na magpoproseso ng iyong data sa ngalan namin. Ang ganitong mga processor ay maingat na pinipili, ina-audit namin at sakop ng kontrata alinsunod sa Artikulo 28 ng GDPR.

Higit pa rito, maaaring kakailanganin para sa amin na ipasa ang mga sipi ng iyong pagtatanong sa mga kontraktwal ka-partner (hal., mga supplier sa kaso ng mga pagtatanong tungkol sa partikular na produkto) para sa layunin ng pagpoproseso ng iyong katanungan. Sa mga ganitong kaso, ang iyong katanungan ay i-a-anonymize nang maaga, nangangahulugan na hindi ka makikilala ng mga ikatlong partido. Kung kinakailangan na ipasa ang iyong personal na data sa mga indibidwal na kaso, aabisuhan ka namin nang maaga at kukunin ang iyong pahintulot.

Hindi namin ipapasa ang iyong personal na data sa mga ikatlong partido maliban na lamang kung ibinigay mo ang iyong malinaw na pahintulot para dito.

Panahon ng pag-iimbak/mga pamantayan sa pagtukoy ng panahon ng pag-iimbak:

Dine-delete o ina-anonymize namin ang lahat ng personal na data na natatanggap namin mula sa iyo kapag nagtanong ka (positibo/negatibong mga komento o mungkahi) sa pamamagitan ng website o sa pamamagitan ng e-mail nang hindi lalampas sa 90 araw matapos ipadala ang huling tugon. Batay sa karanasan, sa pangkalahatan ay hindi kami nakakatanggap ng anumang mga tanong tungkol sa aming mga tugon pagkatapos ng 90 araw. Kung igigiit mo ang iyong mga karapatan bilang isang paksa ng data (tingnan ang seksyon VI sa ibaba), ang iyong personal na data ay iiimbak sa loob ng tatlong taon matapos ang huling tugon upang maidokumento ang katotohanan na binigyan ka namin ng komprehensibong impormasyon at natugunan ang mga legal na kinakailangan.

### VI. Mga paglilipat ng data sa mga tatanggap sa isang ikatlong bansa

Kung ililipat namin ang data sa mga tatanggap sa isang ikatlong bansa (matatagpuan sa labas ng European Economic Area), magiging malinaw ito sa impormasyon sa mga tatanggap/mga kategorya ng tatanggap sa deskripsyon ng kaukulang pagpoproseso ng data. Ang ilang ikatlong bansa ay na-sertipikahan ng European Commission sa pamamagitan ng tinatawag na mga desisyon sa kasapatan bilang may antas ng proteksyon ng data na maihahambing sa inaalok sa European Economic Area. Ang listahan ng mga bansang ito ay available sa http://ec.europa.eu/justice/data-protection/international-transfers/adequacy/index_en.html. Kung saan walang umiiral na maihahambing na pamantayan sa proteksyon ng data sa isang partikular na bansa, nagsasagawa kami ng iba pang mga hakbang para matiyak na ang isang sapat na antas ng proteksyon ng data ay ginagarantiyahan sa pamamagitan ng iba pang paraan, tulad ng mga umiiral na panuntunan ng kumpanya, ng mga karaniwang sugnay sa kontrata ng European Commission sa personal na data, mga sertipiko o kinikilalang code of conduct. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang aming opisyal sa proteksyon ng data (sugnay 9).

## VII. Mga karapatan sa mga paksa ng data

Bilang karapatan sa karapatang bawiin ang anumang pahintulot na ibinigay mo sa amin, mayroon kang mga sumusunod na karagdagang karapatan basta't natutugunan ang mga kaukulang kundisyon na ayon sa batas:

- karapatan ng pag-access sa iyong personal na data na nakaimbak sa amin alinsunod sa Artikulo 15 ng GDPR;
- karapatan sa pagwawasto sa hindi tamang personal na data at ang karapatang kumpletuhin ang kulang na personal na data alinsunod sa Artikulo 16 ng GDPR;
- karapatan sa pagbura ng iyong personal na data na nakaimbak sa amin alinsunod sa Artikulo 17 ng GDPR;
- karapatan sa isang paghihigpit sa pagpoproseso ng iyong data alinsunod sa Artikulo 18 ng GDPR;
- karapatan sa data portability alinsunod sa Artikulo 20 ng GDPR;
- karapatan sa pagtutol alinsunod sa Artikulo 21 ng GDPR;

### 1. Karapatan ng pag-access alinsunod sa Artikulo 15 ng GDPR

Alinsunod sa Artikulo 15(1) ng GDPR, may karapatan kang humiling ng impormasyon, nang walang bayad, sa personal na data na nakaimbak tungkol sa iyo. Partikular na kabilang dito ang:

- ang mga layunin kung bakit pinoproseso ang personal na data;
- ang mga kategorya ng personal na data na pinoproseso;
- ang mga tatanggap o mga kategorya ng tatanggap kung kanino ibinunyag o ibubunyan ang personal na data na may kinalaman sa iyo;
- ang nakaplanong tagal ng pag-iimbak ng personal na data na may kinalaman sa iyo o, kung hindi posibleng magbigay ng anumang mga partikular na detalye, ang mga pamantayang ginamit para matukoy ang tagal ng pag-iimbak;
- ang pagkakaroon ng karapatan na iwasto o burahin ang personal na data na may kinalaman sa iyo, karapatan na humiling sa controller na higpitan ang pagpoproseso o karapatan na tumutol sa pagpoprosesong ito;
- ang karapatan na magsampa ng reklamo sa isang awtoridad sa pangangasiwa;
- lahat ng available na impormasyon tungkol sa pinagmulan ng data kung ang personal na data ay hindi kinokolekta mula sa paksa ng data;
- ang pagkakaroon ng anumang mga automated na proseso sa paggawa ng desisyon kabilang ang pag-profile alinsunod sa Artikulo 22(1) at (4) ng GDPR at – kahit papaano sa mga kasong ito – makabuluhang impormasyon tungkol sa lohika na kasangkot pati na rin ang kahalagahan at ang mga inaasahang kahihinatnan ng naturang pagpoproseso sa paksa ng data.

Kung ang personal na data ay inililipat sa ikatlong bansa o sa isang pandaigdigang orgamisasyon, may karapatan kang maabisuhan tungkol sa mga naaangkop na pag-iingat alinsunod sa Artikulo 46 ng GDPR na may kaugnayan sa paglipat.

**2. Karapatan sa pagwawasto alinsunod sa Artikulo 16 ng GDPR**

May karapatan kang humiling ng pagwawasto sa hindi tamang personal na data tungkol sa iyo. Isinasaalang-alang ang mga layunin ng pagpoproseso, may karapatan kang kumpletuhin ang kulang na personal na data, kabilang ang sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang pahayag.

**3. Karapatan sa pagbura alinsunod sa Artikulo 17 ng GDPR**

May karapatan kang hilingin sa amin na burahin ang anumang personal na data tungkol sa iyo nang walang labis na pagkaantala kung saan ipinapatupad ang isa sa mga sumusunod na dahilan:

- ang personal na data ay hindi na kailangan kaugnay sa mga layunin kung bakit ito nakolekta o kung hindi man ay naproseso;
- binabawi mo ang iyong pahintulot kung saan ibinatay ang pagpoproseso alinsunod sa Artikulo 6(1)(a) o Artikulo 9(2)(a) ng GDPR at walang ibang legal na batayan para sa pagpoproseso;
- tumatanggi ka sa pagpoproseso alinsunod sa Artikulo 21(1) o (2) ng GDPR, at sa kaso ng Artikulo 21(1) GDPR ay walang nangingibabaw na mga lehitimong dahilan para sa pagpoproseso;
- ang personal na data ay naproseso nang labag sa batas;
- ang pagbura sa personal na data ay kailangan para makasunod sa isang legal na pananagutan;
- ang personal na data ay nakolekta na may kaugnayan sa alok ng mga serbisyo sa lipunan ng impormasyon na tinutukoy sa Artikulo 8(1) ng GDPR.

Dahil isanapubliko namin ang personal na data at obligadong burahin ito, isinasaalang-alang ang available na teknolohiya at ang gastos sa pagpapatupad, gagawa kami ng mga makatwirang hakbang para ipaalam sa anumang mga ikatlong partido na nagpoproseso ng iyong data ang katotohanan na hiniling mo ang pagbura ng naturang mga ikatlong partido ng mga anumang link, o mga kopya, o mga replikasyon, ng naturang personal na data.

**4. Karapatan sa paghihigpit sa pagpoproseso alinsunod sa Artikulo 18 ng GDPR**

May karapatan kang hilingin sa amin na higpitan ang pagpoproseso kung saan ipinapatupad ang isa sa mga sumusunod:

- tinututulan mo ang pagiging tama ng personal na data;
- ang pagpoproseso ay labag sa batas at hinihiling mo ang paghihigpit sa paggamit ng personal na data sa halip na burahin ito;
- hindi na kailangan ng controller ang personal na data para sa mga layunin ng pagpoproseso, ngunit kinakailangan ito ng paksa ng data para sa pagtatatag, paggamit o pagtanggol sa mga legal na paghahabol; o
- tumutol ka sa pagpoproseso alinsunod sa Artikulo 21(1) ng GDPR habang hinihintay ang beripikasyon kung nangingibabaw ba ang mga lihitimong batayan ng controller sa mga paksa ng data.

### 5. Karapatan sa data portability alinsunod sa Artikulo 20 ng GDPR

May karapatan kang tumanggap ng personal na data na may kinalaman sa iyo, na ibinigay mo sa amin, sa isang nakabalangkas, karaniwang ginagamit at format na nababasa ng makina, at may karapatan kang ipadala ang data na iyon sa isa pang controller nang walang hadlang sa amin, kung saan

- ang pagpoproseso ay batay sa pahintulot alinsunod sa Artikulo 6(1) o Artikulo 9(2) o sa isang kontrata alinsunod sa Artikulo 6(1)(b) ng GDPR at
- ang pagpoproseso ay isinasagawa sa pamamagitan ng awtomatikong paraa.

Sa paggamit ng iyong karapatan sa data portability, may karapatan kang direktang ipadala ang personal na data mula sa amin patungo sa isa pang controller kung saan teknikal na magagawa.

### 6. Karapatan sa pagtutol alinsunod sa Artikulo 21 ng GDPR

Kung matutugunan ang mga kinakailangan ng Artikulo 21(1) GDPR, maaari kang tumutol sa pagpoproseso ng data sa mga kadahilanan na may kaugnayan sa iyong partikular na sitwasyon.

Ang nabanggit na pangkalahatang karapatan sa pagtutol ay ipinapatupad sa lahat ng batayan sa pagproseso na itinakda sa patakaran sa privacy na ito, na pinoproseso batay sa Artikulo 6(1)(f) ng GDPR. Salungat sa partikular na karapatan sa pagtutol patungkol sa pagpoproseso ng data para sa mga layuning pang-promosyon, obligado lamang kaming kumilos sa naturang pangkalahatang karapatan sa pagtutol kung binanggit mo ang mga batayan ng nangingibabaw na kahalagahan, hal., posibleng panganib sa buhay o kalusugan. Bilang karagdagan, may opsyon kang kontakin ang awtoridad sa pangangasiwa na responsable para sa Lidl Stiftung & Co. KG o ang opisyal sa proteksyon ng data ng Lidl Stiftung & Co. KG (tingnan ang seksyon IV.4).

### 7. Karapatan na magsampa ng reklamo sa awtoridad sa pangangasiwa ng proteksyon ng data alinsunod sa Artikulo 77 ng GDPR

May karapatan ka ring magsampa ng reklamo sa may kakayahang awtoridad sa pangangasiwa ng proteksyon ng data anumang oras. Upang magawa ito, maaari mong kontakin ang awtoridad sa pangangasiwa ng proteksyon ng data ng German Land kung saan ka nakatira o ang awtoridad ng Land of Baden-Württemberg bilang Land kung saan matatagpuan ang punong-tanggapan ng Lidl Stiftung & Co. KG.

### 8. Paggamit sa iyong mga karapatan

Mga paraan sa pakikipag-ugnayan sakaling may mga katanungan o para magamit ang iyong mga karapatan sa proteksyon ng data

Para magamit ang iyong mga karapatan sa pagpoproseso ng iyong data (mga karapatan sa proteksyon ng data) mangyaring kontakin ang customer service ng Lidl:

https://www.lidl.de/contact

### 9. Controller at opisyal sa proteksyon ng data

Ang patakaran sa privacy na ito ay ipinapatupad sa pagpoproseso ng data ng Lidl Stiftung & Co. KG, Stiftsbergstraße 1, 74167 Neckarsulm, Germany ("Controller") at sa website na www.info.lidl.

Maaari mong kontakin ang Controller sa corporate.communications.international@lidl.com. Para sa mga katanungan tungkol sa proteksyon ng data na may kinalaman sa operasyon ng website na www.info.lidl, mangyaring kontakin ang opisyal sa proteksyon ng data ng kumpanya ng Lidl Stiftung

& Co. KG sa nabanggit na address sa atensyon ng opisyal sa proteksyon ng data o sa datenschutz@lidl.com.